



Financial Information Service

Ang Financial Information Service (FIS) ay isang serbisyong pang-edukasyon at pang-impormasyon na na maaaring makuha ng lahat ng tao sa komunidad. Tumutulong kami sa mga tao na gumawa ng mga desisyong batay sa impormasyon tungkol sa pamumuhunan at mga isyung pinansyal para sa kanilang kasalukuyan at panghinaharap na mga pangangailangang pinansyal. Kami ay walang kinikilingan, libre at kompidensyal at nagbibigay ng mga serbisyo sa pamamagitan ng mga seminar, at sa pamamagitan ng telepono at appointment.

Paano makakatulong sa iyo at sa iyong pamilya ang FIS?

Maaari kang bigyan ng impormasyon ng isang Financial Information Service officer upang tulungan kang gumawa ng mga desisyong batay sa impormasyon tungkol sa iyong hinaharap. Maaaring tumulong ang FIS officers sa pamamagitan ng pagbibigay ng impormasyon sa isang malawak na hanay ng mga isyu kabilang ang:

- pagbubuo ng panandalian at pangmatagalang mga estratehiya sa pagtitipid upang tulungan kang maabot ang iyong pinansyal na mga layunin
- pamamahala sa iyong pera at pamumuhunan nang ligtas
- paggamit ng salary sacrifice at superannuation
- redundancy o retrenchment
- pagtanggap ng mga compensation payout, o isang pamana
- pagpapalano ng iyong pagreretiro
- pagreregalo o pagpapahiram ng pera
- paghihiwalay, diborsyo, o pagkamatay ng iyong kapartner
- pag-aalaga sa nakatatanda, at mga pagpipilian sa matutuluyan para sa nakatatandang mga tao.

Hindi mga financial planner ang FIS officers. Hindi sila nagbibigay o nagbebenta ng payo o bumibili ng mga produkto ng pamumuhunan, at hindi nagsasagawa ang FIS officers ng mga pagkalkula o desisyon tungkol sa iyong pensyon.

Maaari kang magdala ng sinuman kapag binisita mo ang FIS officer, o maaari kang makipag-ayos sa isang tao para makipag-usap sa FIS officer para sa iyo. Upang gawin ito, kakailanganin mong lumagda ng isang pagpapahintulot. Ito ay upang pangalagaan ang iyong privacy.

Ituturing na kompidensyal ang anumang personal na impormasyong ibibigay mo sa FIS officer.

Gayunpaman, maaaring magbago ang rate ng iyong kabayaran kung magkaiba ang impormasyong ibibigay mo sa impormasyong nasa amin na.

Para sa karagdagang impormasyon sa mga wikang bukod sa Ingles, tumawag sa **131 202** o bumisita sa aming website **humanservices.gov.au**

Maaaring isagawa saanman sa Australia ang mga pagtawag sa mga numerong '13' mula sa isang pangkaraniwang serbisyo sa telepono nang hindi tataas sa halaga ng isang lokal na tawag (maaaring magkaiba-iba ang singil sa tawag depende sa tagapagbigay ng serbisyo sa telepono). Walang bayad ang mga pagtawag sa mga numerong '1800'. Maaaring singilin sa mas mataas na halaga ang mga pagtawag mula sa pampubliko at mobile na mga telepono.



Financial Information Service

The Financial Information Service (FIS) is an education and information service available to everyone in the community. We help people to make informed decisions about investment and financial issues for their current and future financial needs. We are independent, free and confidential and provide services through seminars, and by phone and appointment.

How can FIS help you and your family?

A Financial Information Service officer can give you information to help you make informed decisions about your future. FIS officers can help by providing information on a wide range of issues including:

- developing short-term and long-term savings strategies to help you reach your financial goals
- managing your money and investing safely
- using salary sacrifice and superannuation
- redundancy or retrenchment
- receiving compensation payouts, or an inheritance
- planning your retirement
- gifting or lending money
- separation, divorce, or death of your partner
- aged care, and accommodation choices for older people.

FIS officers are not financial planners. They do not give or sell advice or purchase investment products, and FIS officers do not make calculations or decisions about your pension.

You may bring someone with you when you visit the FIS officer, or you can arrange for someone to speak with the FIS officer for you. To do this you will need to sign an authority. This is to safeguard your privacy.

Any personal information you give to the FIS officer will be treated as confidential. However, the rate of your payment may change if the information you provide is different to the information we already have.

For more information in languages other than English, call **131 202** or visit our website **humanservices.gov.au**

Calls to '13' numbers from a standard telephone service can be made from anywhere in Australia for not more than the cost of a local call (call charges may vary depending upon the telephone service provider). Calls to '1800' numbers are free of charge. Calls from public and mobile telephones may be charged at a higher rate.